# Para sa mga ilegal na dayuhang nakakumpleto ng pagbabakuna, ipinapatupad ang paglilibre sa mga multa at pagsususpinde ng mga regulasyon ng paghihigpit sa pagpasok, kapag sila ay boluntaryong aalis ng bansa.

## ☐ Target

○ Kapag ang isang ilegal na dayuhan na nabakunahan sa Korea, hanggang nitong Disyembre 31, 2021, ay boluntaryong aalis ng bansa

* Hindi kasali dito ang mga dayuhan na may kriminal na pagkakasala, lumalabag sa mga patakaran ng kuwarentenas, o kaya'y mga ipinasa mula sa mga departamento ng pulisya, atbp.

## ☐ Mga detalye

○ **Pagbabakuna**

- Mga nabakunahan nang pang minsanang pagbabakuna (Ex. Janssen) o bakunang pang dalawang beses (Ex. Pfizer, Moderna, AstraZeneca, atbp.)*

* Kabilang ang mga dayuhang ilegal na nakakumpleto ng pagbabakuna bago ang petsa ('21.10.12.) ng pagpapatupad

- Binibigyan ng insentibo ang mga boluntaryong umalis ng bansa kahit na hindi pa lumipas ang 14 na araw mula nang matapos ang pagbabakuna.

* Dokumentong magpapatunay : Sertipiko ng pagbabakuna (COOV electronic certificate printout o paper certificate)

○ **Incentive** : Sa kaso ng boluntaryong pag-alis, paglilibre sa mga multa at pagsususpinde ng mga regulasyon sa paghihigpit ng pagpasok.

○ **Pagpapatupad** : "2021 Oktubre 12 (Martes) hanggang sa petsa ng pagtatalaga* (pansamantalang pagpapatupad)

* Depende sa sitwasyon ng COVID-19, iaanunsyo ang pagtatalaga sa petsa ng pagtatapos sa pagpapatupad.

## ☐ Babala

○ **Alinsunod sa 「Voluntary Departure Prior Notification System」**

- Para sa boluntaryong pag-uwi maari ang **personal na pagbisita** sa ahensya ng imigrasyon, o kaya'y **aplikasyon sa online**
- Kapag aalis ng bansa sa **parehong araw** sa pamamagitan ng **paliparan**, maaari kang umalis ng bansa **nang walang multa at walang paghihigpit ng pagpasok.**

## ※ Katanungan at Interpretasyon : Foreigner Information Center (1345)

| Oras ng Operasyon | Mga wikang magagamit para sa konsultasyon at interpretasyon |
|---|---|
| 24 Oras | English at Chinese |
| 09:00~18:00 | Japanese, Vietnam, Thailand, Indonesia, Russia, Mongol, Bangladesh, Pakistan , Nepal , Cambodia , Myanmar, France, Germany, Spain, Tagalog, Arab, Sri-lanka |

<Ang translasyon na ito ay ginawa ng Danuri Call Center 1577-1366>